# Walang Tamis sa Tubuhan

RONEL I. OSIAS

Hindi kasing tamis ng tubo
Ang sumalubong sa kanila
Noong hapong iyon.

Matapos ang pagbabanat ng buto,
Bumaluktot ang mga tuhod,
Naging binhi ang mga katawan.
Binura ng apoy ang mga saksing damo,
At tinangay ng hangin ang usok,
Kasama ang mga kaluluwa.

Bago pa man sa papel,
Pumirma na sila ng dugo
Sa lupa.

At bago pa man ang susunod na anihan,
Nauna na ang kanilang mga katawan.
Hindi mapagtatakpan ng asukal
Ang pait ng mga kape sa magaganap na lamayan.